

Bilang Pasakalye ni Virgilio S. Almario

Muli, ang isyung ito ng *Likhaan: The Journal of Contemporary Philippine Literature* ay isang testamento para sa pagsulat bilang isang pangangailangan. Pangangailangang sabihin ang nais sabihin at pangangailangang sabihin ang dapat sabihin. Naging tungkulin lamang naming mga editor, kasama ang mga reperi, ang pumili ng higit na karapat-dapat ilathala mula sa bunton ng mga tinanggap naming manuskrito. Binubuo ito ngayon ng limang maikling mga kwento nina Abdon M. Balde Jr., Luis Katigbak, Angelo R. Lacuesta, Edgardo B. Maranan at Charlson Ong; pitong pangkat ng mga tula nina Ronaldo Carcamo, Kristian Cordero, Mookie Katigbak, Marne Kilates, Philip Kimpo Jr., Carlos M. Piocos III, at Rowena Tiempo Torrevillas; dalawang sanaysay nina Cristina Pantoja-Hidalgo at Roland Tolentino. Idinagdag namin ang interbyu sa dalawang haligi ng panitikan ng Filipinas-sa popular na mangangathang si Edgardo M. Reyes at sa Pambansang Alagad ng Sining para sa Panitikan Edith Tiempo at dalawang lektura nina Gemino G. Abad at ng Pambansang Alagad ng Sining para sa Panitikan Virgilio S. Almario para sa pagdiriwang ng U.P. Centennial na idinaos sa U.P. Institute of Creative Writing. Walang nakapasang dula sa aming patnugutan at mga reperi ngunit inilathala namin ang isang napakahalagaang dulang historical na naganap noong 7 Setyembre 1980, ang forum hinggil sa Panitikan at Kalayaan (*Literature and Freedom*) na tinampukan ng panayam ni Adrian E. Cristobal Cruz, Conrad de Quiros, at iba pa, kabilang ang mga Pambansang Alagan ng Sining ngayon na sina Francisco Arcellana at Bienvenido Lumbera.

Ang panahon at tagpuan ng forum sa Panitikan at Kalayaan ay isang halimbawa ng matinkad na kontadiksyon ng dalawang pangangailangan sa pagsulat. Panahon iyon ng pag-iral ng Batas Militar at malinaw na tinitigatig ang mga manunulat sa forum ng problema hinggil sa pagpili ng susunding pangangailangan. Sa maikling salita, nakalukob sa buong diskusyon ang tunggalian ng nais sulatin at dapat sulatin.

Ngunit may tunggalian kahit sa hanay ng mga nais sulatin. Nagpapaligsahan tuwing may paligsahan ang mga paksang nagnanais maging pangunahin, ang uri at ng paraang nagnanais magpakilala o kilalanin, ang wika ng pagsulat na nagnanais basahin ng higit na nakararaming mamamayan ng bansa. Kahit sa pagtatatag ng pamantayang pampanitikan ay nahahati sa iba't ibang panig ang bawat manunulat sa bawat panahon at ang mga manunulat sa iba't ibang organisasyon hinggil sa nais pairaling "panitikan". Ang kritiko/guro/editor bilang mambabasa ay naiiralan din ng kani-kaniyang pamantayan hinggil sa nais basahin. At hindi maiiwasang isipin na dumaan sa ganitong proseso ang mga akdang nakapasa at di-nakapasa sa labas na ito ng *Likhaan*.

At hindi rin nangangahulugang higit na maigting at marahas ang tunggalian ng nais sulatin at ng dapat sulatin kaysa tunggalian ng mga nais sulatin. Sa Filipinas, dalawang ulit nang sumiklab ang demostrasyong pampanitikan dahil sa mga banggaan ng magkasunod na henerasyon ng manunulat. Malinaw na lunggating igiit nina Alejandro G. Abadilla at mga kabataang Panitikero ang nais nilang panitikan kaya isinagawa ang

Sunog sa Moriones noong 2 Marso 1940. Sinunog nila sa siga at maaalab na talumpati ang pagsulat na kinakatawan ng mga lathalaang popular sa Maynila. Ganito rin ang damdamin ng mga aktibistang manunulat na nagmartsa mula Plaza Moriones hanggang T.M. Kalaw at nagsiga sa harap ng Pambansang Aklatan nitong 2 Abril 1971 upang tuligsain ang pagwawagi ng mga katatandang makata sa isang pambansang kontes tuwing kaarawan ni Balagtas. Hinuhubog ng ganitong digmaan ang mga kalahok upang maging mandirigma at martir. Noong panahon ng alitan ng mga beterano't mga bagong Panitikero, isang kilalang manunulat ang nagdilim ang paningin at sinugod ng saksak ang inaakalang kaaway sa pananalig pampanitikan. Pinasok sa silid at binigwasan ni Ricardo Demetillo si Petronilo Bn. Daroy at siguradong hindi dahil sa pag-aagawan sa isang babae o sa ranggong akademiko. Dalawang makata ang nagpakamatay bago matapos ang ika-20 siglo at tinitiyak na bunga ng ibinulong na sakripisyo ng kanilang angel sa pagsulat. Di iilang disipulo ng pagsulat ang kusang nagdestiyero sa sarili, nagbuhay-ermitanyo, iniwan ang pamilya, itinakwil ang magandang propesyon dahil sa banal na atas ng kanilang Diwata.

Samantala, hindi nangangahulugang umiigting lamang ang tunggalian ng nais sulatin at ng dapat sulatin sa mga yugtong katulad ng panahong Batas Militar. Hindi tayo nabubuhay sa isang Mithi nating panahon. Araw-araw, tuwing haharap ang manunulat sa makinilya o computer ay nakatutok sa batok niya't dibdib ang mga karit ng mga dapat panindigan at dapat tupdin. Hindi niya sarili kahit ang sariling buhay. May mga gampaning moral siyang kailangang isaalang-alang tuwing sasambit ng salita. Sa akademya, may kodigo ng mga tungkulin kahit sa gitna ng kalayaang akademiko. Sa pasulatan, may dapat sunding pabliser at editor. Sa tahanan, may pamilyang dapat pakainin. Bukod pa rito ang nagsasalimbayang silo at bitag ng higit na karapat-dapat na pananaw pampulitika. Sa biglang lagom, isang mapanganib na trabaho ang pagiging manunulat. Walang nangangako ng anumang layaw, lalo na ngayon at sa ating lipunan, kapalit ng dibdibang paghawak ng panulat. May nabibilanggo pa rin mula Kay Balagtas. May napapatay pa rin mula kay Rizal. Ngunit waring ang mga binabanggit-banggit na luma't sinaunang panganib na rin ang umaakit sa mga di-iilan na nag-akalang nabibiyayaan ng talino sa paggamit ng wika upang makipagsapalaran. Pagdiriwang din ang isyung ito ng Likhaan para sa kagila-gilalas nilang pagsisikap.

Muli, ang isyung ito ng *Likhaan: The Journal of Contemporary Philippine Literature* ay isang testamento para sa pagsulat bilang isang pangangailangan. Pangangailangang sabihin ang nais sabihin at pangangailangang sabihin ang dapat sabihin. Naging tungkulin lamang naming mga editor, kasama ang mga reperi, ang pumili ng higit na karapat-dapat ilathala mula sa bunton ng mga tinanggap naming manuskrito.

Binubuo ito ngayon ng limang maikling kuwento nina Abdon M. Balde Jr., Luis Katigbak, Angelo R. Lacuesta, Edgardo B. Maranan, at Charlson Ong; pitong pangkat ng mga tula nina Ronaldo Carcamo, Kristian Cordero, Mookie Katigbak, Marne Kilates, Philip Kimpo Jr., Carlos M. Picos III, at Rowena Tiempo Torrevillas; dalawang sanaysay nina Cristina Pantoja-Hidalgo at Roland Tolentino. Idinagdag namin ang interbiyu sa dalawang lektura nina Gemino H. Abad at Pambansang Alagad ng Sining para sa Panitikan Virgilio S. Almario para sa Pagdiriwang ng U.P. Centennial na idinaos ng U.P. Institute of Creative Writing. Walang nakapasang dula sa aming patnugutan at mga reperi ngunit inilalathala namin ang isang napakahalagang dulang historical na naganap noong 7 Setyembre 1980, ang forum hinggil sa Panitikan at Kalayaan (*Literature and Freedom*) na tinampukan ng panayan ni Adrian E. Cristobal at ng mga pakikitalakay nina Francisco Tatad, Alberto Florentino, Andres Cristobal Cruz, Conrad de Quiros, at iba pa, kabilang ang mga Pambansang Alagad ng Sining ngayon na sina Francisco Arcellana at Bienvenido Lumbera.